Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan - Modyul 9 Linggo 9:

## Ang Pilipinas bilang Bahagi ng Pacific Ring of Fire




## Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas

Araling Panlipunan – Grade 4

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan - Modyul 9: Ang Pilipinas Bilang Bahagi ng Pacific Ring of Fire

Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing

akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishiers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City

Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

**Authors:**

Judy Mae C. Dalapo

**Editor:** Nicolasa R. Taronzon

**Reviewers:** Cecilia E. Ingotan, PSDS
Susan I. Alavanza
Chona C. Dilangen
Ruth D. Ng

**Illustrator:** Fernando A. Ombayan

**Layout Artists:** John Rimmon I. Taquiso

**Management Team:**

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Department of Education - Division of Valencia City

Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828-4615

Website: deped-valencia.org

# 4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan - Modyul 9 Linggo 9:

## Ang Pilipinas bilang Bahagi ng Pacific Ring of Fire

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda ta sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat naming ang mga guro at ibang nasa larangan ng Edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

*Panimula*

Ang Modyul na ito ay inihanda upang maging gabay sa mga mag-aaral ng ika-apat na baitang sa Araling Panlipunan. Tulad ng aklat para sa mga mag-aaral, nahahati ang modyul sa apat na yunit.

Inaasahan ang Modyul na ito ay makatulong sa pagiging lalong malikhain, at magsilbing gabay sa lubusang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang mga inilaang gawain sa bawat leksyon ay naaayon sa iyong kakayahan at mga karanasan.

Hangad namin na masagawa at maipakita ang tunay na pagpapahalaga sa Diyos, sa tao, sa kalikasan at sa bansa.



***Mga tala para sa Guro***

Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-gamit ng Modyul sa Araling Panlipunan ng Ikaapat na baitang.





## ***Alamin***

Ano-anong lugar sa Pilipinas ang sensitibo sa panganib? Paano ang wastong pagtugon sa mga panganib? Anong kaugnayan sa *Hazard Map* sa panganib?

Ang mapa ng mundo ay ang pagkakalatag ng bahagi ng ibabaw ng mundo kung saan makikita ang mga katubigan at kalupaan kasama na ang mga bansa ng bawat kontinente.

Mga layunin sa pagkatuto:

1. Matutukoy mo ang lokasyon ng bansa sa pagiging bahagi ng *Pacific Ring of Fire*.
2. Matutukoy ang mga aktibong bulkan sa Pilipinas na sensetibo sa panganib gamit ang mga *Hazard Map*.
3. Makagagawa ng mga maagap at wastong pagtugon sa mga panganib upang mabawasan ang masamang epekto dulot ng kalamidad.

## ***Paano matuto sa Modyul na ito:***

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay

## ***Icons sa Modyul na ito***

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatayang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |

| | | |
|---|---|---|
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |





## *Subukin*

Panuto: Isulat kung saang lokasyon na pangkat ng kapuluan (Luzon, Visayas at Mindanao) matatagpuan ang mga aktibong bulkan sa Pilipinas. Nasa kahon ang pagpipilian. Isulat ang titik ng tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| A. Luzon | B. Visayas | C. Mindanao |

__________1. Taal

__________2. Cagua

__________3. Mayon

__________4. Musuan

__________5. Biliran

__________6. Didicas

__________7. Kanlaon

__________8. Pinatubo

__________9. Hibok-Hibok

__________10. Camiguin de Batanes



# Aralin 9 | Ang Pilipinas bilang Bahagi ng Pacific Ring of Fire

Ang Pilipinas ay bahagi ng *Pacific Ring Fire* o *Circum-Pacific Belt*. Ito ay isang lugar o rehiyon kung saan nakalatag ang maraming aktibong bulkan at kung saan nagaganap ang madalas na mga paglindol.

Gaano nga ba kaganda ang lokasyon o kinalalagyan ng Pilipinas?

______________________________________________________

Kaya mo bang matukoy ang ating bansa sa mapa ng mundo?

______________________________________________________________



## *Balikan*

Panuto: Isulat sa loob ng kahon ang pangunahing malalaking baybayin at katubigan na nakapaligid sa Pilipinas gamit ang mapa.




Mga Pangunahing Direksiyon



## *Tuklasin*




http://www.worldatlas.com/aatlas/infopage/ringfire.htm,

Ang Pilipinas ay bahagi ng kontinente ng Asya. Ang lokasyon ng Pilipinas ay nasa Timog Silangang Asya.

Ang *Pacific Ring of Fire* o *Circum-Pacific Belt* ay isang lugar o rehiyon kung saan nakalatag ang maraming aktibong bulkan at kung saan nagaganap ang madalas na mga paglindol.

Ayon sa *Philippine Institute of Volcanology ang Seismology* (**PHIVOLCS**) na ahensiya ng pamahalaan na namamahala sa mga pagkilos ng mga bulkan sa bansa, may humigit- kumulang 22 aktibong bulkan.

Para maiwasan ang sakuna dulot ng lindol, makabubuti na makibahagi as *earthquake drill* na isinasagawa ng Disaster Risk Reduction and Management Council (DRRMC) sa mga paaralan.

Mga Babala ng Bagyo

- Babala bilang 1 - sinasabing may bagyo. Ang bilis ng hangin sa pook na may ganitong babala ay mula 30 hanggang 60 kilometro bawat oras sa loob ng sumusunod na 36 oras.

  Ang rekomendang gawain sa Babala bilang 1 ay makibalita at maging alerto. Tiyakin ang seguridad at kaligtasan ng inyong tahanan sakaling lumakas ang bagyo.

- Babala bilang 2 - ipinahihiwatig ng babalang ito na malapit sa pook na may ganitong babala ang daan ng bagyo. Ang bilis ng hangin ay mula 60 hanggang 100 kilometro bawat oras sa loob ng sumusunod na 24 oras.

  Ang rekomendang gawain sa Babala bilang 2 ay ipinagbabawal na ang paglalayag ng mga sasakyang pandagat at paglipad ng mga sasakyang panghimpapawid at dapat manatili sa loob ng bahay.

- Babala bilang 3 - sinasabi na malapit na malapit o doon mismo sa lugar na may bagyo daraan ang sentro ng bagyo. Ang bilis ng hangin ay mahigit sa 100 hanggang 185 kilometro bawat oras sa loob ng sumusunod na 18 oras.

  Ang rekomendang gawain sa Babala bilang 3 ay ang mga nasa mababang lugar ay kailangang lumikas sa mataas na lugar at lumayo sa tabing-dagat at mga lugar na malapit sa ilog.

- Babala bilang 4 - ipinahihiwatig na malakas ang bagyo. Ang bilis ng hangin ay mula 185 kilometro bawat oras sa loob ng sumusunod na 12 oras.

  Ang rekomendang gawain sa Babala bilang 4 ay manatili sa ligtas na lugar o sa evacuation centers at lahat ng mga outdoor na gawain at mga paglalakbay ay dapat kanselahin.

Panuto: Isulat sa loob ng kahon ang dapat gawin ng mga mamamayan sa mga babala ng bagyo o *Signal Warning* tuwing may dadapo na bagyo sa isang lugar.

| | Ang Rekomendang Gawain natin ay: |
|---|---|
| Babala bilang 1 | |

| | |
|---|---|
| | |
| Babala bilang 2 | |
| Babala bilang 3 | |
| Babala bilang 4 | |



***Suriin***

Tingnan ang mapa at sagutin ang mga tanong.

Ano ang gagawin mo kung nasa bahaging baybayin o tabing-dagat ka?

______________________________________________




May lalawigan na may panganib sa *tsunami sa ganitong pagkakataon kaya makabubuti na laging makinig sa radyo, manood o magbasa ng balita. Alamin ang Tsunami Alert Level* para maging laging handa.

| **Tsunami Alert Level** | **Banta sa Pilipinas** | **Rekomendang Gawain** |
|---|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| 0 | May namumuong malakas na paglindol<br>(1) Walang tsunami<br>(2) May tsunami ngunit hindi makaabot | Hindi kailangang lumikas. |
| 1-Maghanda<br>(Ready) | Malaki ang posibilidad ng banta sa Pilipinas. | Ang mga komunidad sa tabing dagat ay kailangang maging alerto sa posibleng paglikas. |
| 2-Magmanman<br>(Watch/Observe) | Maaaring maranasan ang bahagyang unos sa dagat. | Maging alerto sa kakaibang taas ng tubig o alon. Lumayo sa dagat. |
| 3-UMALIS | Mapaminsala ang namumuong tsunami na makaaapekto sa bansa. | Kinakailangan ang madaliang paglikas. |



## *Pagyamanin*

Gawain I: Pag-aralan ang mga *Hazard Map* sa ating bansa na nasa ibaba. Isulat ang lokasyon ng mga aktibong bulkan sa Pilipinas loob ng kahon.

**<u>Hazard Map</u>**

**Iraya**




Aktibong Bulkan sa bawat Rehiyon

| Luzon | Visayas: | Mindanao: |
|---|---|---|
| 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | 2. |
| 3. | | 3. |
| 4. | | 4. |
| 5. | | 5. |
| 6. | | 6. |
| 7. | | 7. |

Gawain II: Basahin ang mga pangungusap. Kung ito ay nakagagawa ng maagap at **Wastong Pagtugon** sa baha o bagyo,isulat ang **WP**. Kung **Di -Wasto** ang pagtugon, isulat ang **DW**.

_____ 1. Humanap at manatili sa mataas na lugar na hindi aabutin ng pagbaha.

_____ 2. Subukan tawiriin ang baha.

_____ 3. Maglaro sa baha.

_____ 4. Ilang araw bago ito dumating, kaya may pagkakataon para tayo ay maghanda.

_____ 5. Manatili sa isang mababang lugar tulad ng basement.



## *Isaisip*

Panuto A: Punan ng angkop na salita ang bawat patlang upang makabuo ng diwa ng talata. Hanapin ang sagot sa kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Map | Bulkan | Paglindol | Pacific Ring of Fire |

Ang (1)_________________ay isang lugar o rehiyon kung saan nakalatag ang maraming aktibong (2)_________ at kung saan nagaganap ang madalas na mga (3)__________.

Importante rin na matukoy at mapag-alaman natin sa ang mga Hazard(4)_____ sa Pilipinas ang mga delikadong lugar upang wastong matugonan ang mga panganib dulot nito.

Panuto B: Gumawa ng plano ng mga gawain para sa maagap at wastong pagtugon sa mga panganib.

| Mga Panganib | Mga Gawain sa Pagtugon ng Panganib: |
| --- | --- |
| Bagyo | |
| Lindol | |
| Tsunami | |



***Isagawa***

Panuto: Tukuyin ang nararapat gawin sa wastong pagtugon sa mga sumusunod na sitwasyon sa inyong lugar. Isulat ang sagot sa kahon.

| Sitwasyon | Nararapat Gawin |
|---|---|
| Lumilindol sa Paaralan | (1) |
| Sobrang lakas ng ulan na maaaring magdulot ng pagbaha. | (2) |
| Tsunami Alert level 2 | (3) |



***Tayahin***

Panuto: Suriin at sagutin ang mga tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang _________________ ay isang lugar o rehiyon kung saan nakalatag ang maraming aktibong bulkan at nagaganap ang madalas na mga paglindol.
   A. Arctic Circle B. Pacific Ring of Fire
   C. Antarctic Circle D. Pacific Ring of Water

2. Sa ibaba ang mga positibong implikasyon sa pagiging bahagi ng Pilipinas sa *Pacific Ring of Fire,* maliban sa isa?
   A. Pagiging *resilient* o matatag
   B. Banta sa buhay at ari-arian
   C. Nagtataglay ng likas o natural na harang
   D. Naghahatid ng mayamang lupa na mainam sa agrikultura.

3. Anong ahensiya ng pamahalaan ang namamahala sa pagkilos ng mga bulkan sa bansa?
   A. DOLE B. PAGASA
   C. DRRMC D. PHIVOLCS

4. Anong bilang ang babala ng bagyo na may bilis ng hangin na hindi lalampas sa 60 kph at inaasahan sa loob ng 36 na oras?
   A. Babala bilang 1 B. Babala bilang 3
   C. Babala bilang 2 D. Babala bilang 4

5. Sa anong eksaktong lokasyon matatagpuan ang Pilipinas?
   A. Timog Asya B. Silangang Asya
   C. Hilagang Asya D. Timog-Silangang Asya

6. Mahalaga ang pagsasagawa ng ___________ sa mga paaralan at iba pang ahensiya o institusyon.
   A. fire drill B. earthquake drill
   C. tsunami drill D. storm surge drill

7. Ano ang tawag sa hindi pangkaraniwang pagtaas ng tubig sa dagat o karagatan dulot ng lakas ng hanging dala ng bagyo?
   A. Tsunami B. Storm Alert
   C. Earthquake D. Storm Surge

8. Anong ahensiya ang nangangasiwa sa mga pagsasanay para sa kaligtasan ng bawat mamamayan.

A. DOLE B. PAGASA
C. DRRMC D. PHILVOLCS

9. Ang__________ ay mapang nagpapakita ng mga lugar na panganib sa mga kalamidad.
A. hazard map B. political map
C. physical map D. topographic map

10. Anong *Alert Level* na malaki ang posibilidad ng banta ng tsunami sa Pilipinas?
A. 0 B. 2
C. 1 D. 3

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Gumupit ng mga larawan na nagpapakita nang maagap at wastong pagtugon sa mga panganib at idikit ito sa loob ng kahon.

-Maging kalmado, huwag mag-

## Susi sa Pagwawasto

Subukin:

| | |
|---|---|
| 1. A | 6. A |
| 2. A | 7. B |
| 3. A | 8. A |
| 4. C | 9. C |
| 5. B | 10.A |

| | |
|---|---|
| 1. B | 6. A & B |
| 2. D | 7. D |
| 3. A | 8. C |

Pagyamanin :Gawain II.

1. WP
2. DW
3. DW
4. WP
5. DW

Isaisip Panuto A:

1. Pacific Ring of Fire
2. Bulkan
3. Paglindol
4. Map

Pagyamanin: Gawain II

( Sa anumang pagkasunod-sunod)

| LUZON | VISAYAS | MINDANAO |
|---|---|---|
| 1.Iraya | 1.Biliran | 1.Hibok-Hibok |
| 2.Smith | 2. Kanlaon | 2. Musuan |
| 3.Babuyan Claro | | 3.Leonard |
| 4.Didicas | | 4.Ragang |
| 5.Camiguin de batanes | | 5.Makaturine |
| 6.Cagua | | 6.Matutum |
| 7.Pinatubo | | 7.Parker |
| 8.Taal | | 8.Parangan |
| 9.Banahaw | | |
| 10.Iriga | | |
| 11.Mayon | | |
| 12.Bulusan | | |

Balikan

1. Bashi Channel
2. Dagat Kanlurang Pilipinas o Dating Timog China
3. Karagatang Pasipiko
4. Dagat Celebes

| |
|---|
| Tuklasin,Isaisip-Panuto B, Karagdagang Gawain: |
| ➢ Pwedeng ibat-ibang sagot basta na aayon sa paksa. |
| ➢ Ang guro na ang bahalang magbigay ng puntos. |

***Sanggunian:***


Adriano, M. G.V., M. A. Caampued , C. A. Capunitan., W.F. Galarosa, N.P. Miranda, & E.R. Quintos (2015). Araling Panlipunan-Ikaapat na Baitang. VIBAL Group Publishing, Inc

http://www.worldatlas.com/aatlas/infopage/ringfire.htm

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709